# Alma 43–52

AGOSTO 3–9

Magkaiba ang tinutukan nina Kapitan Moroni at Amalikeo sa kanilang buhay. Habang "si Amalikeo ay . . . [nanga-ngalap] ng kapangya-rihan sa pamamagitan ng pandaraya at pan-lilinlang, si Moroni . . . ay inihahanda ang mga pag-iisip ng mga tao na maging matapat sa Panginoon nilang Diyos" (Alma 48:7).

Ano ang matututuhan natin sa mga pagkakaiba sa pagitan nina Moroni at Amalikeo?



## Saan ka nakatutok?

### SI MORONI:

**1.** "Hinirang ng mga punong hukom at ng tinig ng mga tao" (Alma 46:34).

**2.** Ipinaalam ang kanyang mga paniniwala "nang may malakas na tinig" at inanyayahan ang iba na gumawa ng mabuti (tingnan sa Alma 46:19–20). Nag-umapaw ang puso "sa pagpapasalamat sa kanyang Diyos" (Alma 48:12).

**3.** Sumumpa na ipagtatanggol ang kanyang mga tao, karapatan, bansa, at relihiyon ngunit hindi nagagalak sa pagpapadanak ng dugo (tingnan sa Alma 48:13, 16).

**4.** Nakasumpong ng kagalakan sa kalayaan (tingnan sa Alma 48:11), at nagalak ang kanyang puso sa "pangangalaga ng kanyang mga tao" (Alma 48:16).

### SI AMALIKEO:

**1.** Naghangad na agawan ng korona ang hari ng mga Lamanita at siya ang maghari (tingnan sa Alma 47:8).

**2.** Isang "napakatusong tao sa paggawa ng kasamaan" at lihim na "bumuo ng [kanyang] plano sa kanyang puso" (Alma 47:4).

Isinumpa rin niya ang Diyos (tingnan sa Alma 49:27).

**3.** Pinukaw ang mga Lamanita na magalit upang magsanhi ng digmaan at sumumpa na iinumin ang dugo ni Moroni (tingnan sa Alma 47:1; 49:27).

**4.** Nakipaglaban upang ipailalim ang ibang tao sa pagkaalipin (tingnan sa Alma 49:26) at "hindi niya pinahahalagahan ang dugo ng kanyang mga tao" (Alma 49:10).



**TALAKAYAN**

Ang pokus ni Moroni ay "binigyang-sigla ng higit na mainam na dahilan" (Alma 43:45). Saan mo itinutuon ang *iyong* buhay?

Anong iba pang mga halimbawa ng mga tao na nagta-tanggol sa matwid na mga dahilan ang makikita mo sa Aklat ni Mormon? Paano makaka-tulong sa iyo ang kanilang mga halimbawa?

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH; MGA RETRATO NG MGA MAGNIFYING GLASS MULA SA GETTY IMAGES